# Gabay ukol sa「Benepisyo ng priyoridad na suporta sa pagtugon ng tumataas na mga presyo para sa ika-6 taon ng Reiwa (2024)・Karagdagang bahagi para sa mga bata」

## 1 Panimula

Bilang bahagi ng "Mga Komprehensibong Pang-ekonomiyang Panukala upang Itaguyod ang Kaligtasan at Seguridad ng mga Mamamayan at Patuloy na Paglago", ang pagbabayad ng 30,000 yen bawat sambahayan ay gagawin sa mga sambahayang may mababang kita na nagdurusa at pinaka-apektado ng mataas na presyo sa mga gastusin sa pagkonsumo tulad ng mga gastos na may kaugnayan sa pagkain at enerhiya.
Bilang karagdagan, kabilang sa mga karapat-dapat na sambahayan na ito, ang mga sambahayan na may mga batang wala pang 18 taong gulang (ipinanganak ng Abril 2, 2006 onwards) ay makakatanggap ng 20,000 yen bawat bata.
Mangyaring punan ang kinakailangang impormasyon sa kalakip na「Kumpirmasyong kasulatan ng mga kinakailangan para makatanggap ng Benepisyo ng priyoridad na suporta sa pagtugon ng tumataas na mga presyo para sa ika-6 taon ng Reiwa (2024)・Karagdagang bahagi para sa mga bata」at ibalik ito gamit ang nakapaloob na sobre ng pagpapadala pabalik.
**Ang pag-aaplay ay maaari ding gawin gamit ang QR code sa kumpirmasyon kasulatan o abiso.**
Pakitandaan na ililipat/ihuhulog ang benepisyo sa iyong receiving account humigit-kumulang isang buwan pagkatapos ng araw ng pagtanggap ng kumpirmasyon kasulatan.
※Sa prinsipyo, hindi kami tutugon sa window ng city hall, kaya mangyaring makipagtulungan sa pagsusumite sa pamamagitan ng koreo o elektronikong paraan (online application).

## 2 Tungkol sa mga karapat-dapat na makatanggap (mga sambahayan na nakakatugon sa lahat ng sumusunod na pamantayan)

### Benepisyo ng priyoridad na suporta

Mga sambahayan na nakarehistro bilang residente sa Anjo City simula noong Disyembre 13, 2024
Mga sambahayan na binubuo lamang ng exempted sa resident tax (sa parehong per capita levy at per income levy) sa ika-6 taon ng Reiwa (2024)
Ang lahat ng miyembro ng sambahayan ay hindi sinusuportahan ng「ibang mga kamag-anak, atbp. na napapailalim sa resident tax ng 2024」
Mga sambahayan na hindi nakakatanggap ng mga katulad na benepisyo (30,000 yen) sa alinmang ibang lungsod o bayan maliban sa Anjo City
※Hindi ito nalalapat sa mga may miyembro sa sambahayan na isang "dayuhan na exempt sa resident tax batay sa mga kasunduan sa buwis".

### Karagdagang bahagi para sa mga bata

Mga sambahayan na may mga batang wala pang 18 taong gulang (mga batang ipinanganak ng Abril 2, 2006 onwards) na miyembro ng sambahayan ng tatanggap (pinuno ng sambahayan) ng mga benepisyo sa itaas.
※Nalalapat din ito sa mga bagong silang na ipinanganak ng Disyembre 14, 2024 onwards (Kakailanganin magsumite ng magkahiwalay na bagong panganak na application form o Newborn Application Form)
※Ang mga batang nakatira sa ibang sambahayan ngunit kapareho ng pamumuhay ng pinuno ng sambahayan ay karapat-dapat (ang mga batang naninirahan sa ibang bansa ay hindi karapat-dapat)
→ **Makipag-ugnayan sa Benefits Call Center (0566-77-9511)**

## 3 Halaga ng matatanggap

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Benepisyo ng priyoridad na suporta | Halaga ng matatanggap | 30,000 yen bawat sambahayan | Tatanggap | Pinuno ng sambahayan simula noong Disyembre 13, 2024 |
| Karagdagang bahagi para sa mga bata | Halaga ng matatanggap | 20,000 yen bawat bata | Tatanggap | Pinuno ng sambahayan na karapat-dapat para sa mga benepisyo ng priyoridad na suporta |

※Ang receiving account ay kapareho ng account sa benepisyo (30,000 yen) at karagdagang bahagi para sa mga bata.

## 4 Proseso ng pag-aaplay

**Elektronikong aplikasyon/Online application**

※Mag-apply bago ang Mayo 31, 2025 (bago magbago ang petsa).
※**Hindi na kailangang ipadala pabalik ang kumpirmasyon kasulatan na ito**, kung mag-apply ka sa pamamagitan ng elektronikong paraan (online application).
※Mangyaring tingnan ang top page ng elektronikong aplikasyon (online application) para sa pamamaraan.

Mag-apply ng elektronikong aplikasyon (online application) dito →

**Pag-applay sa pamamagitan ng kumpirmasyong kasulatan**

※**Ipapadala pabalik ang kumpirmasyong kasulatan bago ang Mayo 31, 2025 (bisa ng postmark).**

- Ililipat/ihulog ang benepisyo pagkatapos suriin ang aplikasyon.
- Para sa parehong elektronikong aplikasyon (online application) at kumpirmasyong kasulatan, ililipat ang benepisyo sa iyong bank account **humigit-kumulang isang buwan** pagkatapos ng araw ng pagtanggap ng Anjo City.
- Maaaring may mga pagkaantala sa mga bank transfer sa panahon ng Golden Week.

| Numero ng pakipag-ugnayan (panandaan) |
|---|
| |

**※Sa mga magpapadala pabalik ng kumpirmasyong kasulatan, mangyaring magsulat ng panandaan sa numero ng pakikipag-ugnayan, o magtago ng kopya ng kumpirmasyong kasulatan.**

## 5 Deadline ng aplikasyon

**※Para sa mga elektronikong aplikasyon (online application), magkaroon ng kamalayan na maaaring hindi makapag-apply kapag magbago ang petsa (Hunyo 1, 2025) habang pinoproseso o isusumite mo ang iyong aplikasyon, kaya pakitiyak na iproseso ito sa maraming oras.**

### Hanggang Mayo 31, 2025 (bisa ng postmark)

- Ipagpalagay na tinanggihan tanggapin ang benepisyo, kapag ang kumpirmasyong kasulatan o elektronikong aplikasyon/online application ay hindi naipadala pabalik bago ang deadline.
- Makikipag-ugnayan ang lungsod sa benepisyaryo kung sa anumang kadahilanan ay hindi maisagawa ang paglipat/paghulog. Ngunit ipagpalagay na tinanggihan itong tanggapin, kapag hindi makontak ang benepisyaryo hanggang sa katapusan ng Mayo.

## 6 Tungkol sa pagbabago sa receiving account

Mangyaring punan ang kinakailangang impormasyon at idikit ang mga sumusunod na dokumento sa gitnang bahagi ng kanang parte ng kumpirmasyong kasulatan kung pinili mo ang「Gusto kong matanggap sa ibang bank account ang paglipat/paghulog」.

**Kopya ng katibayan ng pagkakakilanlan sa pinuno ng sambahayan.**

Lisensya sa pagmamaneho, My Number Card (front side), Basic Resident Registration Card, Pasaporte, Residence Card, Special Permanent Resident Certificate, Health Insurance Card, Handbook ng Pensiyon, Livelihood Protection Recipient Certificate, atbp.
※Kopyahin ang parte kung saan nakasulat ang pangalan at kasalukuyang address.

**Kopya ng katibayan para sa itinalagang bank account ng pinuno ng sambahayan.**

Libreta ng account sa bangko o cash card sa paglipat
※Kopyahin ang bahaging naglalaman ng pangalan ng bangko, pangalan ng branch, uri ng deposito, numero ng account at pangalan ng may-ari ng account (sa likod ng passbook cover).

## 7 Sa mga hindi makapag bukas ng account

Bilang pangkalahatang tuntunin, ang benepisyong ito ay ibinibigay lamang sa pamamagitan ng「bank transfer」. Gayunpaman, kung mayroong hindi maiiwasang dahilan tulad ng hindi makapagbukas ng account sa bangko, ay maaaring tukuyin ng lungsod ang petsa at oras at ibibigay ito ng cash.
Sa mga gustong makatanggap ng bayad sa cash, mangyaring makipag-ugnayan sa Benefits Call Center na nakalista sa ibaba.
**※Ang pagbibigay ng cash ay mas magtatagal kaysa sa bank transfer.**

## 8 Kapag ang kahalili o proxy (maliban sa pinuno ng sambahayan) ang tatanggap ng benepisyo

Bilang pangkalahatang tuntunin, ang benepisyong ito ay ibinibigay lamang sa「pinuno ng sambahayan」. Gayunpaman, maaari itong ibigay sa kahalili o proxy na maliban sa pinuno ng sambahayan, kung mayroong hindi maiiwasang dahilan tulad ng kahirapan sa pagpapadala pabalik ng kumpirmasyong kasulatan ng kanya lang.

**Proseso sa pamamagitan ng kahalili o proxy**

Punan ang mga patlang ng kahalili o proxy sa kanang bahagi sa ibaba ng kumpirmasyong kasulatan at ng itinalagang bank account sa kanang bahagi sa itaas, at idikit ang mga sumusunod na dokumento sa gitnang bahagi sa kanan dito.
- Kopya ng katibayan ng pagkakakilanlan sa pinuno ng sambahayan at ng kahalili o proxy.
- Kopya ng katibayan para sa itinalagang bank account ng kahalili o proxy.

**Proseso sa pamamagitan ng kahalili o proxy ng isang Adult Guardianship System**

Maglakip ng mga sumusunod na dokumento, at hindi kinakailangan punan ang patlang ng kahalili o proxy.

| | |
|---|---|
| Tagapangalaga ng nasa hustong gulang o Adult Guardian | Kopya ng「Certificate of Registered Matters concerning Adult Guardianship Registration System」 |
| Conservator・Katulong o Assistant | Kopya ng「Certificate of Registered Matters concerning Adult Guardianship Registration System」<br>Kopya ng「List of proxy rights that confirms that the proxy right for receiving public benefits has been granted」 |

## Reperensiya Sa mga exempt sa resident tax

Ang exempt (hindi binubuwisan) sa resident tax sa Anjo City ay ang mga sumusunod.

**Para sa mga walang dependent at hindi hihigit sa 420,000 yen ang kabuuang kita o suweldo.**

Halimbawa: Ang kinikita na suweldo ay hindi hihigit sa 970,000 yen, o mas mababa sa 1,520,000 yen ang halagang natanggap sa pension (65 taong gulang o higit pa)

**Para sa mga may dependent at mas mababa o katumbas ng sumusunod ang kabuuang kita.**

320,000 yen x (1 + bilang ng dependent) +289,000 yen

Halimbawa: Kung 1 ang dependent, hindi hihigit sa 1,479,000 yen ang suweldo.
hindi hihigit sa 2,029,000 yen ang halagang natanggap na pensiyon (65 taong gulang o higit pa)
Kung 2 ang dependent, mas mababa pa ng 1,900,000 yen ang suweldo (hindi hihigit sa 1,899,999 yen)
hindi hihigit sa 2,349,000 yen ang natanggap na pensiyon. (65 taong gulang o higit pa)

**Mga may kapansanan, menor de edad, balo/widows o nag-iisang magulang na hindi hihigit sa 1,350,000 yen ang kabuuang kita.**

**Mga tumatanggap ng tulong para sa kapakanan ng tao o livelihood protection benefits recipients (life support).**

## Call Center

Panahon ng tanggapan: Hanggang Lunes, Hunyo 30, 2025

**Benefits Call Center 0566-77-9511 (mula 9:00 am hanggang 5:00 pm・weekdays lang)**

## Mag ingat sa mga「wire transfer scam o furikomi sagi」.

Hindi namin kailanman hihilingin sa inyo na tumakbo sa ATM (automated teller machine sa mga bangko, convenience store, atbp.).
para sa transfer fees o iba pang bayarin sa paglilipat ng pera para lamang makatanggao ng benepisyo.

- 「物価高騰対応重点支援給付金」に関するお知らせの外国人用は、左記 QR コードよりご確認下さい。
- Check the QR code on the left for information about "Priority Stipend in Response to Rising Prices" for foreigners.
- 请扫描左侧二维码，查看关于 " 安城市应对物价上涨的重点支援补助金 " 的通知（外国人版）。
- Vui lòng quét mã QR bên trái để xem thông báo liên quan đến "Trợ cấp đặc biệt để ứng phó với tình hình giá cả gia tăng" dành cho người nước ngoài.
- Suriin mula sa QR code sa kaliwa ang karagdagang impormasyon para sa mga dayuhan, ukol sa「Benepisyo ng priyoridad na suporta sa pagtugon ng tumataas na mga presyo」.
- Confira as informações sobre o "Subsídio para compensar o aumento nos custos" através do código QR à esquerda.

**Social Welfare Department of Anjo City hall**